
LIBRARY
DEC 27 1951


# Magasin ng BAGONG Buhay

Linggo, Disyembre 23, 1951





*Kabilang sa mga naging biktima ng huling pagputok ng bulkan Hibok-Hibok na nagsabog ng lagim sa buong kapuluán, ay ang batang lalaking makikita sa larawán na buong pagpupunyaging ináágaw ng mga manggagamot sa kuko ng kamatayán matapos malapnos áng buong katawan sa mga nagbabagang putik at batong iniluwá ng bulkan. Ang batang ito ay siya lamáng nakaligtas sa kaniláng buong mag-anak na binubuo ng 7 katao.*

*Ang nakapangingilabot na mga sunog na bangkáy ng dalawáng mag-anák na nalalos sa "pagngangalit" ng dambuhala sa Kamigin. Magmula sa pinakamatandáng ulo ng tahanan ng dalawang pamilyang ito hanggang sa pinakamaliit na may tatlong buwáng gulang ay "hindi pinatawad" ng kalupitan ng bukán. Aling puso ang di mababagbag sa nakalulunos na tanawing ito?*




# Mga "Kalupitan" Ng Dambuhala Sa Kamigin

LIBU-LIBO kataong nangalitson at nangalibing nang buhay, mga wasak na tahanan, walang silbing mga pananim... gumuhong kabuhayan — iyan ang nangaiwáng labi sa pulo ng Kamigin matapos magngalit at pumutok ang bulkan Hibok-Hibok sa ikatlong pagkakataon. Ipinalalagay na pinakamalubha sa tatlong pagputok ng Hibok-Hibok simula noong 1948, ang dati'y luntiang kapatagan ng pulo ay naging mistulang impiyerno pagkatapos matabunan ng mga kumukulong putik at bato at ng nagbabagang mga tiningkal.

Ang nakalalagim na sákunang ito na ikinagimbal ng buong kapuluan ay mabilis na nagpakilos sa mga tauhan ng pamahaláán at ng Krus na Pula at ng iba pang mga samahan sa pagkakawanggawa upang magsitungo sa mga nasalantang pook sa Kamigin at magsipaghandog ng kanilang tulong sa pamamahagi ng pagkain, paglilikas ng tao at paglalapat ng lunas sa mga inabot ng kapahamakan.

Makikita sa magkabilang dahon ang ilang larawang kuha ng potograpo ng **BAGONG BUHAY** sa pulo ng Kamigin na ngayo'y maaaring tawaging "Pulo ng Lagim"...



*Ang naging patay na anyo ng isang daan sa Baryo Kiburo na natabunan ng abo sa pagputok ng bulkan. Makikita rin sa larawan ang ilan sa libu-libong punong-kahoy na kadluan ng kabuhayan ng mga mamamayan na ngayo'y nangaging abo at uling at di na maaari pang pakinabangan...*



*Ito ay kabilang sa mga mag-aanak na buong pagdadalamhating nagsisilikas buhat sa pook na pinanganganiban ng kanilang buháy. Bagama't iniluluhá nila ang paglisán sa pook na itong naging bahagi na ng kanilang buhay ay tinibayan nila ang kanilang loob pagka't siyang kinakailangan...*



*Kabilang ito sa mga kulang-palad na pinaglupitan ng bulkán, nang malapatan na ng pangunáng lunas. Nang mamulat ang kanilang mga mata at mabatid na di nakaligtas ang kanilang mga mahal sa buhay ay nangápahagulgol nang panangis at sinabing di na rin nila nais pang mabuhay!*




*Nang tinatanggap ni Bb. Genoveva D. Edroza (unang gantimpala) buhat kay Gng. Ramon J. Fernandez ang tseke sa halagang ₱1,000...*



# Tinanggihan ng Ibang Lingguhan ang Dalawa Sa "3 Kuwento ng Taon"

## Nanganib Pang Hindi Mapalahok Sa Mga Kuwentong Pantimpalak

ni Edvira

**HALOS** di mapaniniwalaan... nguni't siyang katotohanan: ang dalawa sa tatlong kuwento sa tagalog na nagsipagtagumpay sa "Carlos Palanca Memorial Awards for Literature" ay tinanggihang ilathala ng dalawang lingguhang tagalog na unang dinulugan ng mga may-akda; at, ang "tatlong mapapalad na kuwento" ay muntik pang di mapalahok sa timpalak.

Naito ang mga pangyayari:

May sampung buwan na ang nakalilipas. Isang tanghali ay dumalaw sa pasulatan ng BB ang isang kaibigang manunulat.

"May isang magandang kuwento, nguni't walang mapaglathalaan," ang wika.

"Bakit?"

"E, may kahabaan daw. Saka hindi raw magugustuhan ng karaniwang mambabasa pagka't naiiba ang balangkas at ang paraan ng pagkasulat."

"E, maano? Dalhin mo rito. Titingnan natin..."

Nang magbalik kinabukasan ang manunulat na iyon ay dala na nga ang isang kuwento. Binasa namin...

"Iwan mo na."

"Ilalathala ba ninyo?"

"Bakit hindi? Magandang kuwento ito!"

"E, baka hindi magustuhan ng mga mambabasa..."

"Hindi lahat ng kuwento ay inilalathala para sa mambabasa. Mayroon ding para sa panitikan... sa kapakanan ng sining"

Napangiti ang lalaki.

"Ang inaalaala namin ay ang may-katha nito. Baka hindi naman niya magustuhan ang maliit naming pabuya... saka ang 'manipis at mahina' naming magasin?"

"Malathala lang 'yan ay matutuwa na iyon."

Makalipas ang dalawang linggo, nalathala sa Magasin ng BB ang kuwentong iyon: ang *Planeta, Buwan at mga Bituin* ni E. P. Kapulong.

**MAKALIPAS** ang apat na buwan, isa pang kuwento ang nagpa-*tao-po* sa pintuan ng BB.

"Baka mailalathala ninyo ito. Ibinalik ito sa akin ng isang lingguhan. 'Malalim' daw at hindi mauunawaan ng karaniwang mambabasa."

"Tingnan nga natin..." Binasa namin. "Superyor! Napakagandang kuwento ito!"

Nang magpaalam ang lalaking iyon ay masaya at di na kakaba-kaba ang dibdib.

At gaya ng una, hindi nagliliPet-buwan ay nalathala sa Magasin ng BB ang *Mabangis na Kamay... Maamong Kamay* ni P. S. Dandan.

**NANG** sumunod na buwan isa pang kuwento ang naligaw sa tahanan ng BB. Kaiba sa dalawang nauna, iyon ay may pambungad na *"para sa Bagong Buhay."*


Gaya ng dapat mangyari sa pagka't isang kathang mahusay ang pagkasulat at naiiba sa mga karaniwang kuwento ang paksang tinatalakay, nalathala rin ang kuwentong iyon makalipas ang takdang panahon: ang *Kuwento ni Mabuti* ni G. D. Edroza.

**NANG** buksan ang timpalak ng "Carlos Palanca Memorial Awards for Tagalog and English Literature," ang BAGONG BUHAY ay kabilang (at bakit hindi?) sa mga nagnais maglahok ng pantimpalak.

At sinimulan ang pamimili. Halungkat sa Bodega. Buklat ng mga "file." Basa... basa... basa...

Dahil sa mga kadahilanang di na dapat ilahad, nabalam ang pamimili ng BB. Mag-iika-3:00 na ng hapon ng huling araw ng pagtanggap ng mga lahok sa timpalak bago ganap na naihanda ang mga salin sa makinilya ng limang kuwentong pantimpalak ng BB. Isang oras na lamang at mahuhuli na sa taning na panahon. At halos patakbo pa nang lumisan sa pasulatan ng BB ang dalawang kaibigang napakiusapang mag-

(Buklatin sa pahina 17)



*Ang nagsipagtagumpay sa "Carlos Palanca Memorial Awards for Literature" sa taong 1951 at ang mga inampalan sa timpalak, sa piling ni G. Carlos Palanca, Jr. Nangakatayo, buhat sa kaliwa: Juan Gatbunton (unang gantimpala sa kuwento sa ingles), Francisco Arcellana (ikalawang gantimpala), Pedro S. Dandan (ikalawang gantimpala sa kuwento sa tagalog), Bb. Genoveva D. Edroza (unang gantimpala) at Elpidio P. Kapulong (ikatlong gantimpala). Nangakaupo: Serafin Guinigundo, Alejandro Abadilla, Direktor Cirio Panganiban ng SWP, Carlos Palanca, Jr., A. V. Harthendorp, Dr. Arturo B. Rotor at N. V. M. Gonzales.*

# SANLIBO'T ISANG KUWENTO

**Sinulat ni Pablo R. Glorioso**

**PINAGPILIAN NG INAMPALAN SA TAGALOG NG "CARLOS PALANCA MEMORIAL AWARDS FOR LITERATURE" SA TAONG 1951**

PINAGPASIYAHAN ng inampalan ang 29 na kuwentong iniharap ng mga patnugot ng siyam na babasahing Tagalog na naglalathala ng maikling kuwento. Nasakop ang panahong nagsapul nang Oktubre 1, 1950, hanggang Setyembre 30, 1951. Ang mga magasing nagharap at bilang ng kuwento: *Advocate* (FEU), 1; *Bagong Buhay*, 5; *Bulaklak*, 5; *Ilang-Ilang*, 2; *Liwayway*, 5; *Pilipinas*, 5; *Quezonian* (MLQ), 1; *Torch* (PNC), 2; *Varsitarian*, 3. Sa loob ng panahong nasasakop ng timpalak-ay humigit-kumulang sa dalawang libong kuwento ang nailathala ng mga babasahing ito. Itinakda sa kanilang lima lamang ang pinakamaraming maihaharap sa timpalak.

*Ang "Sinasabi' ng mga Kuwento*

Maipagmamalaki ng panitikang Tagalog ang tatlong nagwagi. Buong pagkakaisa ang pagkakapili dito ng tatlong tagahatol. Gayon din sa pangalawa. Sa pangatlo ay nagkapatas ang mga kuwento ni Kapulong at ni "Dario D. Graban" (Diego Atienza Quisao), ang *Kutulad ng Halaman* na nalathala una sa *Varsitarian*, sumunod sa *Liwayway* saka sa *Bagong Buhay*. Dahil sa labag sa tuntunin ng timpalak ang paglalahok ng kuwentong muling palathala, ay ipinasiya ng inampalan ang pagkakaloob ng pangatlong gantimpala kay Kapulong.

Kapansin-pansin sa tatlong kuwentong nagwagi ang pagkakaiba ng paksa. Ayon na mga sa tagapangulo ng lupong tagahatol ay kasiya-siya ang pananaig ng mga kuwentong ang paksa'y hindi sa pag-ibig. Sa bagay ang una at pangatlong nagkagantimpala ay kapuwa pumapaksa sa pag-ibig — pagkasawi sa pag-ibig ng pangunang tauhan sa *Kuwento ni Mabuti*, at pagkasauli sa iniibig ng pangunang tauhan sa


> Ang tatlong nagsipagwagi:
>
> Unang Gantimpala, ₱1,000
>
> KUWENTO NI MABUTI, ni Genoveva D. Edroza
> (*Bagong Buhay*, Agosto 19, 1951)
>
> Pangalawang Gantimpala, ₱500
>
> MABANGIS NA KAMAY... MAAMONG KAMAY, ni Pedro S. Dandan
> (*Bagong Buhay*, Hulyo 29, 1951)
>
> Pangatlong Gantimpala, ₱250
>
> PLANETA, BUWAN AT MGA BITUIN, ni Elpidio P. Kapulong
> (*Bagong Buhay*, Pebrero 11, 1951)
>
> Ang mga nagsihatol: Tagapangulo, Cirio H. Panganiban; mga Kagawad, Alejandro G. Abadilla at Serafin C. Guinigundo.

*Planeta, Buwan at mga Bituin*. Nguni sa *Kuwento ni Mabuti* ay dumaloy ang buhay pagkaraan ng kasawiang ipinahiwatig sa kuwento; at sa pangalawa ay nanauli ang ulirat ng pangunang tauhan at nakilala ang pinapangarap niyang dalaga makaraan ang isang sakunang kamuntik na niyang ikamatay. Ang kuwento ni Dandan ay sa isang amang boksingero at sa kanyang anak na hindi naging kampeon.

Si Mabuti sa kuwentong may ganitong pamagat ay isang guro, na tinaguriang gayon ng mga tinuturuan niya sapagka't "ang salitang iyon ang bukambibig niya". Iyon ang simula ng halos lahat ng kanyang pagsasalita. Iyon ang pumapalit sa mga salitang hindi niya maalaala kung minsan, at nagiging pamuno sa mga sandali ng pag-aalanganin.

Uliran siya sa pagkaguro a yon sa isa niyang naturuan, na siyang nagsasalaysay ng kuwento. Nakintal sa diwa ng nag-aaral na ito ang pambihirang katangian ng kanilang guro na "bumubuhay ng isang uri ng karungan sa kanya ko lamang natutuhan." 'Lagi ko siyang iuugnay sa kariktan ng Buhay. Saanman may kagandahan: sa isang tanawin, sa isang isipan o sa isang tunog kaya, nakikita ko siya at ako'y lumiligaya." Talagang magkakaganito ang palagay ng batang iyon sa kanyang maestra. Paano'y nagkatugon ang kanilang suliranin. Inaliw siya ni Mabuti sa kanyang pamimighati "sa isang tagong sulok ng silid-aklatan." Lumuluha ang bata sa isang lihim ng kanyang dibdib, at si Mabuti ay may pangiting nagsabi... "naparito ako upang umiyak din."

Mula noo'y nagkahulihan sila ng loob. Maya't maya'y nagkakatawanan sila at tinutukoy "ang sulok na iyon na... inii-



*Sina Pedro (Mabangis na Kamay...) Dandan, G. Carlos Palanca, Jr., Bb. Genoveva (Kuwento ni Mabuti) Edroza at Elpidio (Planeta, Buwan at mga Bituin) Kapulong na nakunan ng larawan sa Rotary Room ng Manila Hotel nang parangalan ang nagsipagwaging "Mga Kuwentista ng Taon."*

# Dalawang Kamatayan



**Katha ni PEDRO S. DANDAN**

**KASAYSAYAN NG ISANG KULANG-PALAD NA LALAKING NANG MALAGUTAN NG HININGA AY TINAGLAY ANG "DALAWANG KAMATAYAN"...**

SILA'Y magkasintahan: si Redempta at si Igor. Sila'y nagmamahalan: si Redempta'y nasasabik kung hindi nakikita si Igor, at si Igor ay nangangamba kung hindi nakikita si Redempta. Ang kanilang buhay ay kawangis ng umaga at gabi: ang kay Redempta'y umaga na lipus ng pananabik; ang kay Igor ay gabi na lipus ng pangangamba.

Sila'y kapuwa nag-aaral sa pamantasan: si Igor ay sa sining ng mga kulay, at si Redempta'y sa sining ng musika. Kapuwa sila taga-lunsod, lumaki at nabuhay sa lunsod: sa kagandahan at kapangitan nito; sa liwanag at dilim nito.

Kapuwa anak ng sining, malimit silang nagtitipanan sa mga ulilang pook ng pamantasan. At nararamdaman nila sa mga sandaling yaon na sila'y malayo sa lunsod: sa usok ng tsiminea, sa alinsangan at alikabok, sa ingay ng mga sasakyan, sa malalaking pabrika. Doon sa dibdib ng kalikasan: sa damuhan, sa lilim ng mga punongkahoy, sa bughaw na langit, sa halik ng simoy mula sa kaitaasan: doon nakasusumpong ng kapayapaan ang kanilang kaluluwang artista.

"Redempta, ikaw ay isang puting bulaklak na banyaga sa makalupang hangarin. Nilikha ng Diyos ang iyong kagandahan upang sambahin lamang ng aking pinsel at mga pangulay. Ikaw ang bukal ng buhay ng aking kaluluwang pintor." At hinagkan-hagkan ni Igor ang ilong, pisngi at labi ni Redempta.

"Nguni... ako'y hindi mo maaangkin; ako at ang musika'y isa. Hindi ako makaaawit alang-alang sa iyo lamang. Nakikinikinita ko ang isang bukas na ang daigdig ay mangangayupapa sa aking paanan." Waring nananaginip si Redempta.

Nasalat ni Igor sa katotohanan ang kanyang pangangamba. Hindi na isang hinagap ang pagbabangon ng isang malupit na kaagaw: ang daigdig. Sa bibig ni Redempta namutawi ito.

Si Redempta'y biglang niyakap ni Igor. Tila ba nawala ito kay Igor ng isang libong taon at muling natagpuan. Maiigting ang mga bisig ni Igor sa kalambutan ng katawan ni Redempta. Mariing-matagal ang halik niya sa labi nito.

"Igor! Igor! Bakit?"

"Redempta! Redempta!" sumasamo ang tinig ni Igor. Mandi'y nawawalat ang kanyang kaluluwa sa kanyang katawan at inaagaw niya sa kalupitan ng Tadhana upang muling maangkin.

IDINAOS ang unang konsiyerto ni Redempta. Kabilang si Igor sa mga dumalo. Sa isa sa mga luklukan sa unang hanay sa ibaba'y doon naupo ang pintor. Kay ganda ni Redempta sa kanyang pag-awit. Nguni, isang kagandahang nagiging mailap sa tingin ni Igor. Katulad ng isang batang kalapating tila ibig saklawin ang kalawakan ng papawirin sa isang kampay ng mga pakpak.

At pati ng mga mata ni Redempta'y mailap; hindi mahuli ng tingin ni Igor Nawawala iyon sa daigdig ng mga taong alagad ng musika. Hindi na siya makita ni Redempta!

Nguni... isang pumpon ng bulaklak ang ipinadala niya sa isang bata sa silid-bihisan ng "Primadona."

Nang magbalik ang bata'y sinabi nito kay Igor, "Binasa po nang malakas ang itinitik ninyo sa tarheta, pagkatapos po'y humalakhak at itinabi ang bulaklak."

"Humalakhak? Itinabi ang bulaklak?" ang ulit ni Igor. Siya'y lumisang nakatungo ang ulo at mandi'y may pataw ang mga paa.

Paulit-ulit na nagbabalik kay Igor ang itinitik niya sa tarheta;

**Ang mga kulay ng bahag-hari'y maganda lamang kung ang kabusilakan ng iyong pagkabulaklak ay siyang nakatampok. Matatalikuran mo ba ang daigdig alang-alang sa isang haling sa sining ng mga kulay?**

UNTI-UNTING sinaktan ni Igor ang kanyang kaluluwa. Alak... alak... at alak! Nagpahatinggabi sa bulwagang malamlam sa liwanag na bughaw. Sa saliw ng malambing na balse'y yumakap sa mga katawang pinabanguhan, umanas sa mga tayngang bihasang duminig ng mga kasinungalingan, humalik sa mga labing manhid na sa siil ng iba't ibang labi.

At malaunan, iyon ay naging utay-utay na pagkitil sa kanyang katawan. Lumaboy siya sa lansangan. Mahaba ang buhok at balbas. Inuubo. Lakad... lakad... lakad... Hindi napapagal ang mga paang ipinagtatanggol lamang sa init at tigas ng aspalto ng sapatos na butas at gusgusin.

Hindi niya namamalayan ang pagkalagas ng mga araw, mga buwan, at mga taon. Lakad... lakad... lakad... sa walang katiyakan. Matangi sa isang bagay: ang mga balita tungkol kay Redempta.

Hindi niya nakakaligtaan ang pagbili ng mga pahayagan kahit iyon ay mangahulugan ng kanyang pagsala sa oras o ng pang-uumit. Sa paraang iyon ay nailalapit niya si Redempta sa kanyang sarili; naiuugnay niya sa guniguni ang kanilang buhay. Sa buhay-lipunan ni Redempta'y nakakasumpong siya ng bahagyang katiwasayan...

**Ang tagumpay ay tila mga bulaklak na pinupupol lamang ni Redempta Luna sa landas ng buhay...**

**Ipinagbunyi si Redempta Luna sa kanyang konsiyerto sa Paris..**

**... sa Milan...**

**... sa Londres...**

**... sa Nuweba York...**

Subali, ang mga sukat-masabi tungkol sa lihim-na-buhay ni Redempta Luna'y tumitimo sa kanyang puso.

**Ang Primadona ng Pilipinas ay malimit na kasama ng kanyang Impresaryo sa mga 'Night Club'.**

**Si Redempta Luna'y kapiling na naglakbay ni Propesor Leo Vishinsky sa Banal na Lupa ng Herusalem...**

**Ang Kayumangging Mangaawit sa Silangan ay nagalusan sa bisig nang mabangga ang kotseng kinalululanan nila ng tanyag na Biyolinista ng Berlin samantalang patungo sa 'Winter Garden.'**

Ang lahat nang ito'y isa-isang

(*Buklatin sa pahina* 13)

# TERESITA



**Nobela ni EDUARDO VIANZON RAÑOLA**

**MALUNGKOT NA MASAYA ANG NAGING BUHAY NI ROSALINA SA LUNSOD. ISANG MAKISIG NA BINATA ANG KINAHULUGAN NG KANYANG PUSO'T LOOB, BAGAY NA IPINANIBUGHO NI TINOY**

*(IKA-2 LABAS)*

ANG mga unang araw ng paninirahan ni Rosalina sa lunsod ay naging kasiya-siya. Sa dormitoryong pinangaserahan niya ay nakatagpo siya ng mga tapat na kaibigang nagturing sa kanya na parang isang tunay na kapatid. Nagkaroon kaagad siya ng mga kakilalang binata na ang karamihan ay pawang nabighani ng kanyang pambihirang kagandahan.

Isang araw ng Linggo, samantalang si Rosalina at ang ilang kasamang dalaga ay nagpapahinga sa bulwagan ng dormitoryo at nagsisipagbasa ng mga pahayagan, ay natanaw ng dalagang dumarating si Tinoy na nagkakampuputot sa mga bitbit na daladalahan. Malugod na sinalubong ni Rosalina ang binata...

—Kumusta ka, Rosalina..? — masayang bati ni Tinoy.

—Mabuti naman, Tinoy, — tugon ng dalaga. —Ikaw... kumusta ka rin?

—Mabuti rin naman, sa awa ng Diyos. — Iniabot ng binata kay Rosalina ang bitbit na basket. —Naito, ipinadadala 'yan ni Aling Anday. Bahaginan mo raw ang mga kasama mo rito sa dormitoryo...

—Ano ba ito?

—Atis at mangga, Rosalina. Ang mangga ay padala ni Mang Tibo... ang atis naman ay ng Inay mo. Namitas sila kahapon sa inyong bakuran,— masayang pamamalita ni Tinoy. Sa pagkakatitig niya kay Rosalina ay mapaghahalata ang labis na katuwaang nag-uumapaw sa kanyang puso dahil sa muling pagkasilay sa dalagang pinaka-iibig.

—Naku, ke gaganda... matamis marahil...

—Oo, hinog iyan sa puno, e.— Iniabot ni Tinoy ang isa pang bayong at isang malaking supot na nasasapnan sa loob ng mga dahon ng saging. —Naito pa, Rosalina, ang ilan mong damit-pambahay na hindi raw napirinsa noong bago ka umalis sa atin. Saka ito naman ay sa akin. Alam kong gustung-gusto mo ng mga bulaklak... ipinamitas kita kanina sa halamanan ng Ka Maring. O, ilagay mo agad sa plorera o sa basong may tubig at nang manariwa...

Tuwang-tuwang tinanggap ni Rosalina ang mga pasalubong na dala ni Tinoy at matapos ilagay sa ibabaw ng mesa ay muling hinarap ang binata.

—Kahiyahiya naman sa iyo, Tinoy. Nag-abala ka pang lumuwas dahil lamang dito sa mga padalang ito...

Hinandugan ni Rosalina si Tinoy ng upuan sa may tabi ng urungawan, at naupo siya sa karatig ng binata.

—Kumusta naman sa atin, Tinoy? Ang mga Inay, at ang mga Itay mo..? —ani Rosalina.

—Mabuti naman silang lahat, awa ng Diyos. Lamang, ay may isang malungkot na balita...

—Anong malungkot na balita yon, Tinoy?

—Si Mang Dorong Pulis na kapatid ng Ninang mo ay napatay kamakalawa. Natagpuan na lamang ang bangkay sa may tabing ilog... tadtad ng tama ng punlo ang katawan at may malaking sugat sa noo na likha daw ng pagkakapalo ng kung anong matigas na bagay.

—Susmaryosep! — nabiglang sambitla ni Rosalina pagka't ang tinutukoy na pulis ay di iba sa kanila at kapatid nga ng kanyang inina sa binyag.— E, sino raw ang pumatay? Bakit pinatay?

—Iyan ang hangga ngayo'y hindi pa nalulutas ng mga maykapangyarihan,— sagot ni Tinoy — May nagpapalagay na baka inampalasan ng masasamang-loob. Sinasabi naman ng ilan na baka raw may kinalaman sa pulitika pagka't si Mang Doro ay itinuturing na isa sa mga pangunahing lider ng natalong kandidato sa pagka-gobernador ng ating lalawigan. Nguni't hindi pa rin naman matiyak kung ano nga ang kadahilanan at kung sino ang pumaslang.

Napabuntong-hininga si Rosalina. Mataman niyang dinidilidili ang ibinalita ni Tinoy. Hindi niya akalaing sa napakaikli pang panahong pagkakalayo niya sa sariling nayon ay may maganap nang gayong kakila-kilabot na pangyayaring kaipala'y hindi inakala man lamang ninuman.

Napansin ni Tinoy ang tila pagkakatigagal ni Rosalina at nabakas niya sa mukha nito ang labis na pagkaantig ng damdamin sa kanyang ibinalita. Madaling binago niya ang paksa ng kanilang salitaan...

—Kumusta naman ang buhay mo rito, Rosalina? Hindi ka ba naman dinadalaw ng lungkot kung naaalaala mo ang iyong Inay at ang mga kaibigan mong naiwan sa atin?

—Mangyari pa bang hindi... Nguni't talagang ganito, kailangang pagtiisan ko ang lahat pagka't siyang nararapat. — Pinamulahan ng mata si Rosalina at malungkot na napatanaw sa malayo. —Madalas ko ngang mapanaginip ang Inay... parang nakikita ko ang dinaranas niyang paghihirap dahil lamang sa hangad na mabigyan ako ng magandang kinabukasan. Malimit na hindi ako makakain at siya ang laging naaalaala ko. Mahirap pala, Tinoy, ang mapalayo sa magulang... at pinahid ni Rosalina ng panyolito ang luhang nangilid sa kanyang mga mata.

—Ingatan mo naman sana ang iyong katawan, Rosalina, — wika ni Tinoy sa isang tinig na punung-puno ng pag-aalaala.— Mahirap na kung ikaw ay magkasakit. Saka, naninibago ka lamang marahil pagka't ngayon ka lang nawalay sa iyong ina.

Naninibago pa nga lamang marahil ako. Pagtatagal-tagal ay masasanay na marahil ako at hindi na lubhang mamamanglaw.

—Siyanga... laluna't marami ka namang masasayang kaibigan... maaaliw ka sa kanilang piling.

Sa mapilling alok ni Tinoy ay kumuha si Rosalina ng ilang hinog na atis sa basket at pinagbibigyan ang ilang kaibigang dalagang naroroon din sa bulwagan. Kumuha si Rosalina ng isa para sa kanya at hinati. Ibinigay niya kay Tinoy ang kabiyak.


—Ako lamang bang talaga ang sadya mo, Tinoy. sa pagkaaluwas mong ito?—wika ni Rosalina nang kinakain na nilang dalawa ang bungang-kahoy. Nakangiti siya sa kaharap na binata.


—Sino pa ang sasadyain ko rito, Rosalina...—tugon ni Ti-

*(Buklatin sa pahina 13)*

## PINAKAMALAKING REPRODUKSIYON NG "SAMPUNG UTOS"

Isang pagtatanghal ng pinakamalaking reproduksiyon sa buong daigdig ng "Sampung Utos ng Diyos" ang ginanap kamakailan sa Murphy, North Carolina, Estados Unidos. Ang mga titik ng "Sampung Utos (makikita sa larawan), ay nababaybay sa malalaking ukit ng puting batong may 4 na talampakang lapad at 6 na talampakang taas. Mahigit sa 15,000 katao na kinabibilangan ng 1,000 delegado buhat sa iba't ibang estado ng Estados Unidos ang dumalo sa banal na pagtitipon upang saksihan ang tanghal na itong natatangi sa lahat ng pagkakataon.



## ANG "U.S.S. FORRESTAL",

pinakabagong tagapagdala ng aeroplano ng Hukbong Dagat ng Estados Unidos. Ang sasakyang-dagat na itong tumitimbang ng 59,000 tonelada at ipinalalagay na "walang katulad" ay nasasangkapan ng katangitanging mga kagamitan at ng isang "retractable control tower." Makapaglululan ng 3,500 katao at ng daan-daang mabibigat na pambomba, at makapananatili nang tatlong buwan sa dagat na di kinakailangang muling gatungan.

ECA

# KALENDARYO NG MAGSASAKA

Inilalathala ng "Bagong Buhay" at ng Pangasiwaan sa Pagtutulungang Pangkabuhayan ng E. U. ukol sa kagalingan ng mga magsasaka sa Pilipinas.


## Malakas na Bansa ang Nalilikha ng Malalakas na Pamilya



1 Si Aling Maria — isang matalinong ina — ay naghahanda sa nalalapit niyang panganganak.



2 Dumalaw siya sa pinakamalapit na palingkuran ukol sa mga ina at sanggol upang pasuri at humingi ng payo.



Araw-araw ay umiinom ng gatas at kumakain ng isang itlog si Aling Maria.




4 Kumakain siya ng sariwa at madahong mga gulay, gayundin ng mga kulay dilaw, at kaunting tubig lamang ang inilalagay niya sa pagluluto.



5 Iba't ibang prutas ang kinakain niya — batid niyang ang mga maaasim at ang kamatis ay kasing-halaga ng saging at abukado, na pawang masustansiya rin.



6 Ang manok at karne — isda at pagkaing-dagat, ay tumutulong sa ikalulusog ng sanggol. Araw-araw ay kumakain din siya ng munggo o pinawa o pinayamang bigas.




7 Ang asukal, mani at mantekilya at ibang pagkaing sagana sa langis ay nagpapatibay sa katawan ni Aling Maria.




8 Nang isilang ang sanggol, ang mga pagkaing kinakain ni Aling Maria ay siyang nagpapalusog sa bata. Patuloy siyang kumain ng mga masustansiya.

# Ang Buhay ng Inyong Sanggol ay Nasa Inyong mga Kamay




# Mga Moda Ng Damit















## Teresita . . .

(*Karugtong ng nasa pahina 8*)

noy. —Bakit, ayaw mo bang madalaw naman kita.?

—Hindi naman, natutuwa nga ako pagka't kahit minsan ay nagkakaroon ako ng kaaliwang makabalita ng mga bagaybagay tungkol sa ating nayon. Ikaw ang inaalaala ko, Tinoy, baka 'ika ko naaabala ka naman dahil lamang sa mga ipinadadala nilang ito sa akin.

—Walang bagay iyan, Rosalina. Nagiging kasiyahan ko pa ngang kahi't paano'y nakapaglilingkod ako sa iyo. —Nagbuntong-hininga si Tinoy at pinakatittigan si Rosalna. —Saka... saka... ibig kong samantalahin ang pagkakataong katulad nito upang muling ungkatin sa iyo ang suliranin ng aking pag-ibig, kung hindi mo ikagagalit, Rosalina.

Hindi sumagot ang dalaga. Napatungo sa kandungan at parang wala sa loob na pinaglaruan ng mga daliri ang hawak na balat ng atis.

—Rosalina, —muling wika ni Tinoy, — kung hindi mo mamasamain ay ipinakikiusap kong hatulan mo na sana sa mga sandaling ito ang kapalaran ng aking pag-ibig. Malaon nang panahon ang aking ipinagtiis, kaya't kung wala din lamang akong tatamuhing kaligayahan sa iyong kandungan ay tapatin mo na sana ako. Higit na matamis ang mabatid kong ako'y isang sawi kaysa umasa nang matagal na panahon nang wala naman pala akong aasahan.

—Ano ang anis mong ihatol ko sa iyo? —nangingiting wika ni Rosalina.

—Ipagtapat mo na sa akin kung may tatamuhing langit ang aking pamimintuho sa iyo. Ang ibig ko bagang sabihin ay ipagtapat mo na kung iniibig mo na rin ako... o hindi!

Saglit na hindi kumibo si Rosalina. Makasandali'y saka nagbuka ng mga labi...

—Hindi pa kita masasagot ngayon, Tinoy. Hayaan mo't darating din ang panahong mababatid mo ang aking katugunan...

—Isinasamo ko sa iyong hatulan mo na ang aking magiging palad, Rosalina,. —Natalsikan ng kulimlim na liwanag ang mga mata ni Tinoy. —Kung wala rin lamang akong mahihintay sa iyong paglingap ay bakit nanaisin mo pang ibitin ang aking pag-ibig sa matagal na panahong pag-asam at pananabik sa isang kaligayahang hindi naman pala darating kailanman?

—Nguni't paano naman ang nais mong gawin ko, Tinoy? Sa ngayo'y talagang hindi ko pa mapagpasiyahan nang lubos ang bagay na iniluluhog mo.— Kumurap-kurap si Rosalina na parang ninanamnam ang mga pangungusap na namumutawi sa kanyang mga labi. —Hindi ko sinasabing wala akong pagtingin sa iyo. Ang totoo'y mahal ka sa akin, isang pagmamahal na napunla at tumubo sa aking puso simula pa sa ating pagkabata. Subali't sa ngalang pag-ibig ay malaon ko nang ipinagtapat sa iyo na hindi ko pa masasagot sa iyo ang bagay na iyan.

Diyata ba nama't hangga ngayo'y hindi mo pa nababatid kung walang nakalaang pitak sa iyong puso ang aking pag-ibig? —tanong ni Tinoy. —Ang ibig ko bagang sabihin ay hindi mo pa ba nadarama sa iyong sarili kung may pag-ibig ka rin sa akin o wala? Sa loob ng panahong namagitan sa ating buhay...?

—Anhin ko mang sanggunilin ang aking puso ay sadyang wala pang ibigay na katugunan hinggil sa bagay na iyan, Tinoy.

—Kung gayo'y wala na pala akong mahihintay... ? — bahagyang nangatal ang mga labi ni Tinoy.

—Maaaring hindi pa naman tiyakang wala... at maaari namang gayon nga. Nguni't panahon ang magpapasya.

—Hindi mo naman ako pinagbabawalang magpatuloy, Rosalina...?

—Nasa sarili mong kapasyahan ang bagay na iyan, Tinoy. Para sa akin ay makapagpapatuloy ka, tulad din ng iba, hanggang kailan mo naisin.

—Kung gayo'y maghihintay ako, Rosalina. Hindi ako manghihinawa sa pagluhog at sa pagdalanging dumating na sana ang araw na ako'y iyong kahabagan at hanguin sa paghihirap, —at malungkot na napatungo si Tinoy na mandi'y dinidilidili ang kanyang walang katiyakang kapalaran.

Napabaling sila sa may pintuan. Isang makisig na lalaki ang dumarating, na nang matanaw si Rosalina ay dagling bumati ng matamis na ngiti. Matapos magpasintabi kay Tinoy ay tumayo si Rosalina at sinalubong ang panauhin...

—Tinoy, sila'y si Ginoong Ramon Marasigan... —pagpapakilala ni Rosalina sa dalawang binata. —Ramon, siya naman ay si Tinoy, isa kong kababata.

Nagkamay ang dalawang lalaki at naupong magkaratig sa dakong harapan ni Rosalina.

Sa paghaharap na iyon ng tatlo ay napansin ni Tinoy ang makahulugang mga sulyap at ngiting iniuukol ni Ramon kay Rosalina. Hindi rin nakatanan sa kanyang pangmasid ang matatamis na ngiti at titig na ipinupukol ng dalaga sa makisig na binata. At sa kauna-unahang pagkakataon, nakadama si Tinoy ng makirot na damdaming dumakot sa kanyang puso: panibugho!

Upang hindi maging alanganin ang kanyang katayuan sa harapang yaon, lalo pa't aalagatain ang kanyang abang kaayusan sa piling ng makisig na binata, ay minarapat ni Tinoy na magpaalam na kay Rosalina. Bagaman inihatid din siya ng dalaga hanggang sa may pintuan at malugod na nagpabaon sa kanya ng mapag-alaalang mga pangungusap, ay mabigat ang kanyang loob na lumisan. Paano'y parang nakikinikinita na niya ang malungkot na kapalarang kahahantungan ng kanyang pag-ibig, laluna ngayong si Rosalina'y mayroon nang makisig na kakilalang tila kinahuhulugan ng loob. Si Ramon, ayon sa kanyang palagay, ay siyang magiging libingan ng nalalabi pa niyang pag-asa sa nilulunggating paglingang ng dalagang linalangit!

**(ITUTULOY)**

———oOo———

## Sa Landas Ng Buhay



**Sa paglalakad ko sa landas ng buhay,**
**hiningal ng init sa katanghalian;**
**nang magsuling-tingin ng masisilungan,**
**nagawi sa sikap na umaalalay.**

**Sa halip iyibis ang dala kong pagod,**
**hinayang sa araw'y akin pang pinulot —**
**tungkod ang pag-asang kung hindi matisod,**
**sa nilulunggati'y baka makaabot.**

**Ang ilaw ng budhi sa patutunguhan**
**ay lingun-lingunin ang pinanggalingan;**
**nililiklikan ko ang maruming asal**
**na durha't libakin ang pinggang kinanan.**

**Sa ilang na pook sakaling abutin,**
**manamlay ang sigla't magsatakip-silim—**
**sa nagkakakurus na daang sapitin,**
**ang pusong mahabag ay idadalangin.**

**—En. C. Agleham**

## Dalawang . . .

(*Karugtong ng nasa pahina 7*)

sinaliksik ni Igor sa mga dahong panlipunan ng sari-saring pahayagan. Ginupit at tinipon sa isang kalupi. At sa kanyang pag-iisa sa mga ulilang liwasan ng Maynila, sa isang likmuangbatong naliliiliman ng akasya ay paulit-ulit na tinutunghayan niya ang mga balita.

NILUWALHATI si Redempta Luna ng bayang pilipino nang magbalik sa tinubuang-lupa. Isang namumukod-tanging kon-

(*Buklatin sa pahina 16*)

# Siklab ng Galit Ng Isang Bunso

**Sinulat ni BENJAMIN V. CONDINO**

**DAHIL LAMANG SA DI NATAMO ANG HINIHINGING 40 SENTIMO, NAGDILIM ANG PANINGIN NG BINATILYO AT PINAGHAHATAW NG PALUPALO ANG DALAWANG KAPATID NA BABAE, HANGGANG SA...**



*Nang linagdaan ni Rodolfo sa harap ni Detektib Guillermo Sibal ang kanyang sinumpaang pahayag na umaamin sa nagawa niyang "napakalaking pagkakasala." Larawan siya ng pagsisi at nanatak ang luha sa mga mata...*

DALUHAN ninyo kami!

Napagulantang si Cristituto Gutierrez, 27, sa kanyang pagkakaidlip nang mag-iikasampu ng umaga noong ika-20 ng Nobyembre, 1951, nang manuot sa kanyang pandinig ang isang tili mula sa labas ng kanilang bahay.

Si Cris ay puyat noon sapagka't madaling-araw nang dumating siya mula sa pang-gabi niyang trabaho sa isang pagawaan. Gaya ng dati, nahiga siya noon sa tabi ng kanyang asawa, si Carolina Reyes, upang matulog ng mahimbing at hintayin na lamang ang masuyong anyaya ng asawa sa isang masarap na pananghalian..

Subali't hindi nga ang malambing na tinig ni Carolina ang pumukaw sa kanya! Bumalikwas ng bangon si Cris, at kasabay ng pagkapawi ng panandaliang alimpungat ay narinig niyang muli ang mga tinig na humihingi ng saklolo.

Dinaluhong niya ang pintuan at tinungo ang pinagmumulan ng gulo sa kasunod na bahay, 1178 Sto. Cristo Ext.. Tundo na siyang tirahan ng isang kapatid na may-asawa ni Carolina. At sa kusina, sa silong ng tahanang iyon, ay isang nakahihindik na larawan ang natambad sa kanya.

Ang kanyang may 23 taong gulang na maybahay, si Carolina, ay walang malay-taong nakahandusay at naliligo sa sariling dugo. Si Cresencia, 26, panganay na dalagang kapatid ni Carolina, ay walang malay ding nakalupasay sa tabi ng kapatid At sa kalapit nila ay nakakalat ang isang palu-palong bali ang tangkay at may bahid ng dugo.

Mabilis na kumilos si Cris. Nang madama ang bahagyang pintig ng buhay sa pulso ng dalawa ay madali siyang nagpatawag ng sasakyan sa waring natutubigang mga kapitbahay. Sa pagamutan ng Mary Johnston sa Tundo isinugod ang sugatang magkapatid na babae.

Nguni't ang hibla ng buhay ni Carolina ay hindi nagtagal. Bangkay na ito nang idating sa pagamutan, samantalang si Cresencia ay malubha, ayon sa mga manggagamot.

Kaya't wasak ang puso at nagpupuyos sa ngitngit ay bumalik si Cristituto sa bahay upang hanapin at paghigantihan ang hindi pa nakikilalang kriminal.

---

NAMAMALISBIS ang masaganang luha sa mga mata, si Gng. Juanita Adriano de Reyes, 50 taong gulang, ay napayakap sa kanyang manugang habang nakikinig sila sa salaysay ng isang kapitbahay.

Kadarating lamang noon ni Gng. Reyes mula sa pagtitinda niya sa palengke at mula sa bibig ni Cristituto ay tinanggap niya ang masaklap na balita. Hindi niya batid na tatamuhin pa niya ang isang lalong masakit na dagok na maaaring dumagan sa isang pusong ina.

—Narinig na lamang po namin ang paghingi ng saklolo ni Cresencia,—anang kapit-bahay na kaharap nina Gng. Reyes. —Isinisigaw niyang sila'y binubugbog ni Rodolfo.

Ikinatulig ni Gng. Reyes ang narinig na iyon. Si Rodolfo ay isa sa kanyang mga bunsong anak na lalaki na may labing-apat na taong gulang lamang at nasa ikalawang taon sa mataas na paaralan. Diyata't si Rodolfo...?

—Habang ako'y nananaog ng bahay, —dugtong pa ng nagsasalaysay na kabilang sa mga unang nakadalo, —namataan ko si Rodolfo na lumabas mula sa silong ng bahay at tumatakbong papaalis. Tinawag ko siya, subalit hindi man lamang siya lumingon. Hindi na siya inabutan ng iba pang nagsihabol.

Sari-saring katanungan ang pumasok sa isipan ng inang walang malamang gawin. Si Rodolfo nga kaya ang pumukpok ng palu-palo sa dalawa niyang mga kapatid na panganay? Ano kaya ang pinagmulan ng kanilang alitan? Saan kaya nagtungo si Rodolfo? Ano kaya ang lagay noon ng kanyang anak na wala pang malay-tao sa pagamutan.

At ang kawawang ina ay hindi nakatagal sa nakababalinong mga isiping iyon. Nagsikip ang kanyang dibdib at bigla siyang pinagdimlan ng paningin. Ang maagap na pag-alalay lamang ni Cristituto ang nakahadlang sa maaaring malubhang kahahantungan ng namighating babae.

AAWIT-AWIT pang nagsasampay ng damit si Gng. Magdalena Reyes sa harapan ng kanilang bahay sa Sagad, Pasig, Rizal, nang maulinigan niya ang mararahang yabag sa kanyang likuran. Lumingon siya at....

—Rodolfo! —pagulat pang nasambit ng ginang na biglang nagalak sa hindi inaasahang pagdalaw ng minamahal na pamangkin.

—Magandang tanghali, po. Tiya, —pagbibigay-galang ng batang dumating na pinamilaylayan sa labi isang wari'y pilit na ngiti.

—Mabuti't naligaw ka ng pagdalaw rito, —pagbibiro ng may 45 taong gulang na ginang na lumapit sa kanyang pamangkin.

Nguni't napansin kaagad ng matandang babae na kaiba ang kanyang pamangkin. Wari'y matamlay ito, gayong iyon ay dating palabiro. At gulo ang buhok ni Rodolfo. Kinutuban ang ginang.

—Aba, e ano ba ang nangya-



ri sa iyo at ganyan ang ayos mo at waring ligalig na ligalig ka?

—E. . .e, wala pong anuman, Tiya, —tugon ni Roldolfo.

Nguni't hawak na ng matandang babae ang damit ng pamangkin ng mga sandaling iyon at sinusuri ang nakabahid doon.

—Bakit hindi ka magtapat, Rudy, —pakiusap ng ali.—Hindi ka naman dating nagsisinungaling, a. Bakit may bahid ng dugo ang damit mo?

—Mangyari po, —napilitan nang tumugon si Rodolfo, —ay may nakagalit akong isang kaklase. Tumawag siya ng mga kasamahan, at pinagtulungan nila ako. Kaya't tumakas akong patungo rito.

Nguni't hindi nadaya ang matandang babae. Nasinag niya ang pagbubulaan ng pamangkin. Hininuha niyang hindi ito tutungo sa malayo nilang pook kung ang sanhi lamang ay ang pang-uumog ng mga kaklase. Lalong lumaki ang kutob at pangamba ng matanda nang ginang.

Dali-daling nagbihis si Gng. Reyes at sumakay sa kaunaunahang bus na patungo sa Maynila. Naiwan si Rodolfo sa loob ng kanilang bahay.

---

SA loob ng may dalawang oras na pamamalagi ni Rodolfo sa tahanan ng kanyang tiya ay hindi siya mapakali. Wala siyang inilsip kundi ang pag-alis ng kanyang tiya na tiyakang tutungo sa kanilang bahay sa Sto. Cristo. Mababatid nito ang napakalaking kasalanang kanyang ginawa nang umagang iyon. At sasabihin din nito sa mga nasa Maynila ang kanyang kinaroroonan.

Lumabas ng bahay si Rodolfo, na walang kapaa-paalam sa iba pa niyang kamag-anak sa bahay ng kanyang tiya at sumakay siya sa isang bus na patungong Maynila.

Sa Kiyapo si Rodolfo umibis. Matulin ang lakad niya, bagama't wala siyang tiyak na malamang tunguhan. Mabilis ang paghahabulan ng kanyang mga paa at palingun-lingon siyang wari'y may kinatatakutang tao. Unti-unting naririnig na niya ang lumalakas na animo'y pagsigaw ng kanyang budhi.

Nakarating siya sa Luneta sa kanyang walang humpay na paglakad. Naupo siya sa lilim ng isang akasya sa may tabing-dagat. Nguni't hindi rin siya matahimik. Naririnig niya ang malakas na hanging-dagat na wari'y may ibinubulong sa kanyang walang patlang na paninisi.

Tumayo siya. Muling lumakad na pabalik! Lumakad. Lakad...

---

NANLAKI ang mga mata ni Abugado Leandro Domingo nang mamataan niya ang isa sa mga taong sinusundan niya sa mataong panulukan ng Azcarraga at Abenida Rizal nang mag-iikaapat ng hapon, habang siya'y naglalakad na patawid sa panukan. Nakilala niya agad na iyon si Rodolfo, ang batang kapitbahay nila sa Sto. Cristo na pinaghahanap dahil sa pagpatay sa isang kapatid at panakit sa isa pa na naganap ng umagang iyon.


Biglang sinunggaban ni Atty. Domingo ang bata. Hindi ito nakakibo, dahil sa pagkabigla. Hinawakan siya ng abugado at dinala sa isang malapit na pulis trapiko na siyang naglipat dito sa pulisya.

SA himpilan ng pulisya ay umamin ng kasalanan si Rodolfo. Humigit-kumulang ay ganito ang ipinagtapat niya sa kanyang nilagdaang pahayag:

Nang mag-iikasampu ng umaga ay umuwi siya mula sa pinapasukan niyang paaralan. Naisipan niyang manood ng sine nang hapong iyon, at ipinasiyang manghingi sa mga kapatid ng halagang 70 sentimos.

Dinatnan niya sa bahay si Cresenciana, na siyang tanging taong-bahay noon. Humingi siya rito ng perang pansine. Pagkaraan ng paulit-ulit niyang paghingi ay pinagkalooban siya ni Crecenciana ng 30 sentimos, nguni't hindi siya nasiyahan sapagka't hindi sapat ang halagang iyon.

(*Buklatin sa pahina 16*)



Reyes ay nagpipilit makalimot sa masaklap na sinapit ng kanyang mga anak. Tuwing umaga, ang luksang anyo niya ay nakikitang lumalabas sa kanilang tahanan na patungong simbahan upang humingi ng awa sa Diyos at ng kapatawaran ng nalikong anak.

Si Cristituto ay hindi nakatagal na manirahan sa dating tahanan. Ayaw na niyang magunita ang mapapait na pangyayaring iyon. Sa isang munting bahay sa Bangkusay, Tundo, ay lumipat siyang kasama ang kanilang tatlong munting anak upang magtangkang lumimot.

Samantala, sa isang madilim na silid sa bilangguan ng lunsod ng Maynila ay nakukulong ang munting katauhan ni Rodolfo Reyes.

## Tinanggihan...

(Karugtong ng nasa pahina 4)

hatid ng limang kuwento sa kinauukulang lupon sa timpalak.

"Umabot ba...?" ang unang tanong namin sa dalawa nang magbalik kinagabihan.

"Umabot. Hustung-husto sa takdang oras..."

Saka lamang kami nangakahinga nang maluwag.

MGA araw ng paghihintay. Pananabik...

Sarisaring balita: Sa *"kuwan"* *daw ang unang gantimpala. Si "kuwan" daw ang pangalawa... Naglalaban daw sa pangatlo sina..."*

"Wala bang nakuha ng BAGONG BUHAY...? Kahit na isa?"

"Hindi pa rin matiyak. Wala pang upisyal na pahayag ang mga hurado."

Paghihintay pa rin. Pananabik na kalangkap ng aandapandap na pag-asa...

Nguni't... kasabay halos ng pagputok ng Bulkan Hibok-Hibok, sumabog ang balitang natamo ng BAGONG BUHAY ang una ikalawa at ikatlong gantimpala ng "Palanca Awards." Hindi kami makapaniwala. Subali't nang ipanaog na ang hatol ng lupon ng mga inampalan sa timpalak, at nang parangalan na ang nagsipagtagumpay na "Mga Kuwentista ng Taon," saka tinanggap ng BB ang katotohanan: nalikom nga pala *niya* ang tatlong gantimpala — isang karangalang di *niya* akalaing matamo sa pamamagitan ng mga kuwentong tinanggihan ng ibang lingguhan at muntik pang di mapalahok sa timpalak.

Kung nagkataon ..!



## *Mga Likha ng LVN Pictures Na Malapit Nang Itanghal*

*Itaas: Pinagkakalipumpunan si Armando Goyena ng mga taong-bayan. Kung ano ang sanhi ay siyang hindi natin malaman... nguni't maaaring dahil sa kagandahan niyang lalaki (ehem!) o dili kaya'y dahil sa mahalagang bagay na kanyang ibinabalita. Tagpo sa "HARANA SA KARAGATAN" na pinamamahalaan ni Joe Climaco. Katambal ni Armando si Delia Razon.*




*Kaliwa: Isang tagpong nakapipigilhininga sa "DIMAS" na pinamamatnugutan ni Nemesio Caravana at tinatampukan nina Rogelio de la Rosa, Lilia Dizon at Rosa Rosal. Tuluyan kayang utasin ni Roger ang buhay ni Frankie Gordon?*



*Ang makisig na si Jaime de la Rosa at ang marilag na si Tessie Quintana na magkasamang itinatampok sa "AMOR MIO," ang pelikulang Pamasko ng LVN na itatanghal sa Life Theatre simula sa ika-27 ng buwang kasalukuyan. Sa panooring ito'y katulong na tumutupad ng mga pangunang papel sina Rosa Rosal at Tony Santos, sa pamamahala ni Direktor Bert Avellana*

# Panlinggong PALAISIPAN ng BAGONG Buhay



**PAHALANG**

1. Isama sa laro
6. Malaking ringas
10. Biyaya
14. Premyer ng Pransiya noong 1931-1932
15. Sisidlang kalawangin
16. Matandang bayan sa T Palestina
17. Panakip sa kulang
18. Pagsamsam bilang kabayaran
19. Produkto sa pinatuyong gatas
20. Hukom sa unang dulugan ng Rizal
21. Timbang
23. Ipakita
25. Lalin
26. Sakit sa balat
27. Anong ginagawa
30. Mabubuwag
34. Nicasio
35. Sukat ng kahoy
36. Tatak ng karne sa lata
37. Alinsunod
38. Kilos
39. Buhat
40. Balakid (unang pantig)
41. Luto sa singaw
42. Bayang sinilangan ni Hen. Aguinaldo
43. Anak ni Pheres at hari ng Pherae, ayon sa metolohiya griyego
45. Ninang
46. Sumang binilot sa dahong niyog
47. Ika-2
48. Magilas na ibong balikuko ang tuka
51. Buong maghapon
52. Pantitik ng H Amerika
55. Sabi niya
56. Luto sa mantika
58. Bukahing palawit ng kuwintas
60. Sagwan
61. Sapi
62. Kuwentista ng mga nagsasalitang hayop
63. Kabayong sinakyan ni Mariang Birhen
64. Palayaw sa batang babae
65. Kadlo

**PABABA**

1. Bambang
2. Saging na may gilid
3. Pangalan ng maraming ilog sa Inglatera
4. Dapugan (huling pantig)
5. Kababayan ng Pangulo
6. Utusan
7. Higit
8. Tali ng trumpo (kinaltas ang unang titik)
9. Panghudyat ng simbahan
10. Kapital ng emperyo ng Tsina
11. Palayaw ng babae
12. Puting pabalat sa metal
13. Siyudad sa lalawigan ng Fuh-kien
22. .... Jima (pulo sa Pasipiko)
24. Pinakamataas na tao sa
25. Dulot sa hapag
26. Pupunong labis
27. Ihandang paputok
28. Sayad (pangnagdaan)
29. Merkuryo
30. Masid
31. Magbalik ng bahay
32. Larong bata sa pamamagitan ng maraming hoyo
33. Kolumnista sa edukasyonal
35. Kulang, di mag-abot
38. Paningasin
39. Panghaliling butil
41. Taba ng karne
42. Imbentor na amerikanong may tuklas sa makina sa paghahabi
44. Titulo sa emperador ng Hapon
45. Pangalang babae
47. Mamamayan ng Arabya
48. Pasahe
49. Mahinang saad
50. Tatak ng sepilyo sa ngipin
51. Paalat
52. Laan
53. ... del Rosario (tagapagtanghal-dula)
54. Minahan sa Bengget
57. Dulaan (kinaltas ang unang titik)
59. Pananalig sa sarili

## Sagot sa Nakaraan

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | A | N | A | G | I | N | I | P | | K | A | B | A | N |
| A | L | A | G | A | T | A | | I | | A | L | A | N | G |
| P | I | N | I | T | A | S | | N | I | L | I | S | T | A |
| I | W | A | W | A | L | A | | A | N | A | N | I | A | S |
| | | | | N | A | | U | T | A | S | | | | |
| U | M | A | N | G | | A | L | A | K | | L | I | L | I |
| M | A | L | I | | U | L | I | T | U | L | I | T | I | N |
| A | K | A | L | A | | A | N | A | | I | B | A | T | I |
| N | A | L | A | M | A | N | G | A | N | | I | G | I | B |
| I | N | A | Y | | A | G | A | S | | A | S | A | D | O |
| | | | | U | L | A | N | | A | S | | | | |
| I | S | A | N | D | A | L | | K | A | P | A | T | I | D |
| M | O | R | A | Y | T | A | | I | B | I | N | A | B | A |
| I | N | A | N | O | | N | | S | O | L | I | M | A | N |
| S | A | L | O | K | | G | U | A | T | E | M | A | L | A |






## Mga nanalo sa PALAISIPAN noong Dis. 9

1. *Bb. Jocelyn J. Elpidama* — Gumaca, Quezon
2. *Dante de la Merced* — 7 P. Capitan, Tundo, Maynila
3. *Potenciana Ragasa* — San Juan, Longos, Laguna
4. *Jose A. Villamar* — Tanza, Kabite
5. *Crecencio Cadiz* — Meykawayan, Bulakan

Magsisitanggap sila ng tigalawang buwang walang bayad na suskripsiyon ng *Panlinggo ng BAGONG BUHAY*.

Ipadala ang lahat ng sagot, sa: *PALAISIPAN, Magasin ng BAGONG BUHAY, 920 Lepanto, Sampalok, Maynila.*

(Ang mga ipadadalang sagot na wala sa pangalan ng PALAISIPAN ay hindi pahahalagahan. Ang mga nanalo na sa PALAISIPAN na nagsisitanggap pa hangga ngayon ng kani-kanilang pabuyang suskripsiyon ay hindi maaaring papanaluning muli.)

## Dalawang...

(*Karugtong ng nasa pahina 16*)

ubos-kayang lumikha ng ingay. Si Igor ay humingal... inubo! At sa pagitan ng waring paglindol ng dibdib at pagluluha ng mga mata'y tinutultulan din niya ng masid si Redempta hanggang sa landasin nito ang mga lagas na bulaklak at magmaliw sa tanghalan.

Nasupil si Igor ng simbuyo ng damdamin. Doon na siya maghihintay sa labas ng dulaan. Hindi siya magigiit kung sa silid-bihisan ni Redempta magsasadya. Pinahid muna ng manggas ang luha sa gilid ng mga mata at saka tumindig si Igor. Tinahak ang pasilyo.

**Kailangan ko ng bulaklak! Kailangan ko...**

Naglakad siya. Lumiko sa panulukan. Tumigil sa isang kanlong na dako. Luminga-linga. Natanaw niya ang dalawang batang magsasampagita... Nang magbalik siya sa harapan ng dulaan ay may bitbit na siyang pumpon ng mapuputing bulaklak...

Natulak si Igor sa labasan sa dami ng taong nag-aabang sa pagdaraan ni Redempta Luna. Nabubugnos na ang balubalumbon at maitim na ulap na mababang pumipindong sa papawirin. Nabasa si Igor nang biglang buhos ng ulan, nguni... ang pumpon ng bulaklak ay pinakatagu-tago niya sa loob ng kanyang damit.

Kaalakbay ni Redempta Luna ang lalong masusugid na tagahanga at ilang pangunahing mamamayan ng Pilipinas. Nakipaggitgitan si Igor sa kakapalan ng tao —ang manipis na katawan, nangangalog na mga tuhod, nanginginig na kamay na may bitbit na mga kuwintas ng sampagita... Nasagasaan na siya ng agos ng mga tao. Nadapa... ang bulaklak ay inagapan niyang di-masayad sa lupa at nabangab ang kanyang mukha sa bangketa.

Nagpilit tumayo si Igor. Itinukod ang isang kamay at itiniklop ang isang tuhod. Nahagkan niya ang laylayan ng mahaba at makinang na kasuotan ni Redempta Luna sa sandali ng pag-aangat ng paa nito sa estribo ng Berlina...

Humabol ang paos na sigaw ni Igor sa lumisang kotse.

"Redempta! Redempta! Ako si Igor!" Sinasal siya ng ubo.

Nabahiran ng mapupulang patak —mula sa kanyang bibig—ang mapuputing talulot ng sampagita. Napasubsob siya!

Isang pulis na kasama ng batang magsasampagita ang sumulpot at nagbangon kay Igor; nguni, lubusang nalagak ang bigat ng pintor sa mga bisig na umaalalay.

At ang tindi ng lamig ng hanging may dalang ulan at ang kaluskusan ng maraming pang nangaglalapitan at ang tinig na may hinakdal ng batang magsasampagita'y hindi na nararamdaman ni Igor:

"Siya po... siya... ang umagaw sa aking sampagita!" (X)


# Sa Inyong Pagkain...

## Ang Serbesa San Miguel ay nauukol - Tamasahin ninyo!

Sa tahanan o sa inyong kinagigiliwang restaurant, tiyaking uminom ng San Miguel Pale Pilsen. Ang suwabe at malinamnam na lasa ng serbesa San Miguel ay nagdaragdag ng kasiyahan sa inyong pagkain.




GINAWA AT ISINABOTELYA NG SAN MIGUEL BREWERY



# Mga Magsasaka:

# May SULIRANIN Ba Kayo?

Huwag kayong mabahala . . . kung mayroon kayong mga suliranin o anumang bagay na nais malaman tungkol sa pagsasaka, pagbaka sa mga hayop na sumisira sa tanim, wastong pag-aalaga ng mga halaman at iba pang mahahalagang bagay ukol sa pagbubukid... subaybayan lamang ang lingguhang lathala sa Magasin ng Bagong Buhay at matutumpak ang inyong mga hakbang.

***Ang pitak sa Magasin ng Bagong Buhay ukol sa pagsasaka ay inihahandog sa inyo sa pagtutulungan ng***

E.C.A. at BAGONG Buhay